Department of Health

Programang Pilot ng Pagsusuri sa Kanser sa Dibdib – Yugto II

Nagsimula na ang Programang Pilot ng Pagsusuri sa Kanser sa Dibdib – Yugto II na may subsidiya mula sa Pamahalaan ("ang Programa"). Nakikipagtulungan ang Pamahalaan sa mga itinalagang tagapagbigay ng serbisyo upang magbigay ng subsidiya sa iskrining para sa kanser sa suso sa mga kababaihang may mataas na panganib na magkaroon ng kanser sa suso.

Sanligan ng Programa

Ang layunin ng pagsusuri para sa kanser sa suso ay matukoy ang kanser sa mas maagang yugto bago pa lumitaw ang anumang sintomas, upang mabigyan ng epektibo at napapanahong paggamot na makakapigil sa paglala ng kanser. Batay sa mga rekomendasyon ng Pangkat ng mga Dalubhasa sa Kanser para sa Pag-iwas at Iskrining ng Kanser, gumamit ang Pamahalaan ng isang batay sa panganib na pamamaraan sa iskrining para sa kanser sa suso. Ang mga kababaihang may katamtaman at may pinataas na panganib na magkaroon ng kanser sa suso ay pinapayuhang magpasuri bawat dalawang taon, habang ang mga kababaihang may mataas na panganib ay pinapayuhang magpasuri bawat taon.

Kwalipikasyon ng mga Kalahok

Upang makasali sa Programa, ang mga karapat-dapat na tao ay kailangang matugunan ang lahat ng sumusunod na pamantayan:

- Mga kababaihang may edad 35 hanggang 74. Para sa mga may kasaysayan ng kanser sa suso o obaryo sa pamilya, maaaring magsimula ang pagsusuri 10 taon bago ang edad kung kailan na-diagnose ang kanilang pinakabatang kamag-anak (ngunit hindi mas maaga sa edad 30)
- May hawak na Kard ng Pagkakakilanlan ng Hong Kong[1] o Sertipiko ng Eksempsyon
- Rehistrado sa Sistema ng Elektronikong Kalusugan (eHealth)
- May mataas na panganib ng pagkakaroon ng kanser sa suso, kabilang ang
  - Ang mga tagapagdala ng partikular na mutasyon ng gene (hal. *BRCA1*, *BRCA2*, atbp.) na may pinataas na panganib sa buong buhay na magkaroon ng kanser sa suso, ayon sa mga resulta ng pagsusuring henetiko. Ang mga halimbawa ng mga gene ay matatagpuan sa www.breastscreen.gov.hk O
  - May malakas na kasaysayan ng pamilya ng kanser sa suso o obaryo, tulad ng:
    - sinumang una o ikalawang antas na kamag-anak na babae[2] ay isang kumpirmadong tagapagdala ng *BRCA1/2* na mutasyon
    - ang sinumang unang o ikalawang antas ng kamag-anak na babae[3] na may parehong kanser sa suso at kanser sa obaryo
    - ang sinumang unang antas na kamag-anak na babae na may bilateral na kanser sa suso

[1] Maliban sa mga nakakuha ng kanilang Kard ng Pagkakakilanlan ng Hong Kong dahil sa isang naunang pahintulot na makapunta o manatili sa Hong Kong na ibinigay sa kanila at ang pahintulot na iyon ay nagtapos na o hindi na balido

[2] Ang unang antas ng babaeng kamag-anak ay tumutukoy sa ina, kapatid na babae o anak na babae

[3] Ang ikalawang antas ng babaeng kamag-anak ay tumutukoy sa tiyahin, lola, apo, pamangkin, o kapatid sa ina o ama ng isang indibidwal

- ang sinumang kamag-anak na lalaki na may kasaysayan ng kanser sa suso
- 2 unang antas ng kamag-anak na babae na may kanser sa suso AT isa sa kanila ay na-diagnose sa edad na ≤50 taon
- ≥2 unang o ikalawang antas ng kamag-anak na babae na may kanser sa obaryo
- ≥3 unang o ikalawang antas ng kamag-anak na babae na may kanser sa suso O kombinasyon ng kanser sa suso at kanser sa obaryo

- Walang sintomas ng kanser sa suso
- Walang kasaysayan ng kanser sa suso
- Walang mammography screening sa nakaraang isang taon, o kailangan ng mammography screening ayon sa payo ng doktor sa panahon ng pagpaparehistro sa Programa

Ang mga kababaihang may anumang kasaysayan na inilarawan sa ibaba ay pinapayuhang kumonsulta sa kanilang mga doktor at **HINDI kuwalipikado** para sa Programa:

- Kasaysayan ng radiation therapy sa dibdib bilang paggamot sa pagitan ng edad 10 at 30
- Kasaysayan ng kanser sa suso
- Kasaysayan ng atypical ductal o lobular hyperplasia ng suso

Mga Pagsusuri para sa Iskrining ng Kanser sa Dibidib

Mammography

- Ang mammography ay isang X-ray na pagsusuri ng mga suso. Ipinakita ng mga pag-aaral na epektibo ang mammography sa pagtukoy ng mga kanser sa suso sa maagang yugto na hindi madaling makita o madama.
- Sa proseso, ilalantad ng kalahok ang itaas na bahagi ng katawan. Sa pamamagitan ng banayad na pag-compress ng mga suso gamit ang patag na plastik na paddle ng makina ng X-ray, makukuha ang mga X-ray na imahe ng mga suso mula sa iba't ibang anggulo.
- Maaaring maging hindi komportable o makaramdam ng sakit ang kalahok habang kinokompress ang suso, ngunit ang bahaging ito ng mammography ay karaniwang tumatagal lamang ng ilang segundo, at mahalaga ito upang mapabuti ang kalidad ng imahe at tumpak na diagnosis.
- Ang 2D-Mammography ay ginagamit sa Programa.

Ultrasound ng Suso

- Maaaring payuhan ng doktor ang kalahok na magsagawa ng karagdagang ultrasound ng suso kung kinakailangan batay sa klinikal na indikasyon. Ang ultrasound ng suso ay isang pagsusuri na nagpapakita ng panloob na kalagayan ng suso sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga high-frequency na sound waves sa tissue ng suso at pag-convert ng mga na-reflect na echo sa isang imahe.

Daloy ng Iskrining

Maghanap ng Tagapagbigay ng Serbisyo

- Mag-browse sa www.breastscreen.gov.hk para sa listahan ng mga rehistradong tagapagbigay ng serbisyo at kanilang impormasyon sa pakikipag-ugnayan
- Hanapin ang logo ng Programa na ipinapakita sa mga klinika

⇩

Sumali sa Programa

- Kontakin ang napiling tagapagbigay ng serbisyo at mag-iskedyul ng iyong pagtatasa.
- Sa araw ng pagsusuri, ipakita ang iyong Kard ng Pagkakakilanlan ng Hong Kong o Sertipiko ng Eksemsyon, at dalhin ang iba pang mga kaugnay na medikal na dokumento ayon sa mga tagubilin (kung mayroon), tulad ng ulat ng pagsusuring henetiko, referral letter mula sa doktor, dating ulat ng imahe ng suso, atbp.
- Kung ikaw ay natukoy na karapat-dapat, pirmahan ang consent form at magtakda ng appointment para sa imaging.

⇩

Tanggapin ang mammography screening sa mga kaugnay na imaging center
(at ultrasound imaging ayon sa payo ng doktor)

⇩

Tanggapin ang abiso ng resulta ng pagsusuri mula sa tagapagbigay ng serbisyo

⇩ ⇩

Normal na Resulta	**Abnormal na Resulta**
● Ulitin ang pagtatasa at iskrining bawat taon ● Maging palaging maalam sa iyong suso at kumonsulta agad sa doktor kung makakita ng anumang kakaibang pagbabago sa suso	● Kumonsulta sa doktor upang talakayin ang resulta ng pagsusuri at ang plano para sa follow-up ● (Kung kinakailangan) Tanggapin ang karagdagang mammography at/o ultrasound ng suso ayon sa payo ng doktor ● (Kung kinakailangan) Tanggapin ang referral sa mga espesyalista

Iba pang mga Serbisyo na Maaaring Isaalang-alang ng mga Kababaihan na may Mataas na Panganib (Hindi Sakop ng Programa)

Ang mga kababaihan na may mataas na panganib ng kanser sa suso ay maaaring isaalang-alang ang iba pang mga serbisyo kasama ang regular na mammography screening sa ilalim ng Programa, depende sa mga panganib na mayroon sila. Kabilang sa mga serbisyong ito ang magnetic resonance imaging (MRI) iskrining ng suso, genetic counselling at testing, at konsultasyon sa mga espesyalista (hal. breast surgeons, gynecologists) ukol sa mga estratehiya para sa pagbabawas ng panganib ng kanser sa suso. Bagamat hindi sakop ng Programa ang mga serbisyong ito, maaaring i-refer ang mga kalahok sa iba pang mga medikal na institusyon kung saan maaari nilang ma-akses ang mga serbisyong ito at makatanggap ng personalisadong pangangalaga. Gayunpaman, ang mga kalahok ay siyang sasagot sa mga gastusing maiuukol.

Mga Detalye ng Mga Tagapagbigay ng Serbisyo at Co-payment

Saan Magpapasuri

Bisitahin ang www.breastscreen.gov.hk para sa listahan ng mga tagapagbigay ng serbisyo at kanilang mga klinika na nagbibigay ng may subsidiyang serbisyo para sa iskrining ng kanser sa suso. Mangyaring pumili at kontakin ang iyong napili na tagapagbigay ng serbisyo upang magtakda ng appointment para sa konsultasyon.

Co-payment

Bagamat ang Programa ay may subsidiya mula sa Pamahalaan, maaaring hilingin ng mga indibidwal na tagapagbigay ng serbisyo na magbayad ang mga kalahok ng co-payment para sa kanilang imaging services bukod pa sa subsidiya mula sa Pamahalaan. Ang co-payment ay hindi hihigit sa $225 para sa bawat mammography o ultrasound screening. Ang mga detalye ng co-payment ay makikita sa website ng Programa.

Pakitandaan:

1. Lahat ng iskrining ay hindi 100% tumpak. Mayroon itong mga limitasyon at posibleng panganib, tulad ng false-positives, false-negatives, over-diagnosis, at hindi kinakailangang paggamot.
2. Ang mga kababaihan na nais magpasuri para sa kanser sa suso ay dapat kumonsulta muna sa kanilang doktor tungkol sa mga potensyal na benepisyo at panganib bago magpa-screening.
3. Ang mga nakalistang tagapagbigay ng serbisyo ay may pananagutan sa lahat ng kaugnay na pangangalaga at pamamahalang klinikal. Walang responsibilidad at obligasyon ang Pamahalaan ukol dito.
4. Kung ang mga kalahok ay ire-refer sa iba pang mga medikal na institusyon para sa karagdagang pagsusuri o pamamahala, ang mga gastusin mula sa mga serbisyong ito ay hindi sasagutin ng Programa.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Programa, mangyaring bisitahin ang www.breastscreen.gov.hk

Kagawaran ng Kalusugan, Hong Kong SAR
Inilathala noong 2025